# *Ang Daan Upang Maging Mapalad Yugto 3*

Ang mga pagpapala ng Diyos ay palaging nariyan sa palibot natin, ngunit ang paraan ng iyong pagtanggap ng pagpapala ng Diyos ito'y nakadepende sa iyo kung handa kang sumunod sa Kanyang Salita at sa sumunod sa Kanyang mga landas. Hindi ito sa paggawa mo ng mabuti at bibigyan ka ng Panginoon ng Kanyang pagpapala. *Ang Kanyang mga pagpapala ay laging nariyan at walang magagawa upang dagdagan ang Kanyang pagpapala, dahil ibinigay na sa atin ang pinakamataas. * Wala tayong maidadagdag sa ginawa ni Jesus sa krus para sa kapatawaran ng ating mga kasalanan. Ang tanging magagawa natin ay sumunod sa Diyos upang ang kanyang mga pagpapala ay dumaloy sa ating buhay. Ang dahilan ng hindi pagdaloy ng mga pagpapala ng Panginoon sa iyong buhay ay ang iyong pagsuway sa Kanyang mga utos. Ating ipagpapatuloy dito ang pagtalakay ng higit pa ng maraming mga paraan upang malinawagan ang iyong sarili upang tiyakin ang pagdaloy ng mga pagpapala ng Diyos sa iyong buhay.

***"1 Mapalad ang tao na hindi lumalakad sa payo ng masama, ni tumatayo man sa daan ng mga makasalanan, ni nauupo man sa upuan ng mga manglilibak.2 Kundi ang kaniyang kasayahan ay nasa kautusan ng Panginoon; at sa kautusan niya nagbubulaybulay siya araw at gabi.3 At siya'y magiging parang punong kahoy na itinanim sa siping ng mga agos ng tubig, na nagbubunga sa kaniyang kapanahunan, ang kaniyang dahon nama'y hindi malalanta; at anumang kaniyang gawin ay giginhawa." (Awit 1:1-3)***

***A. Mapalad ang tao na hindi lumalakad sa payo ng masama, ni tumatayo man sa daan ng mga makasalanan, ni nauupo man sa upuan ng mga manglilibak:*** Ang tao na hindi naghahanap at nakikinig sa payo ng masasamang tao ay pagpapapalain ng Panginoon. *Minsan maitatanong mo bakit walang pagpapala ng Diyos sa aking buhay o maitatanong mo kung may suliranin ako sa aking buhay? Kanino ka nakikinig at sino ang iyong tagapayo sa mga usapin mo? Maraming beses kapag ikaw ay may suliranin sa iyong buhay, ikaw ay pupunta at magtatanong sa mga tao na hindi nakakakilala sa Diyos at hindi nalalaman ang Salita ng Diyos sa Bibliya, sa gayon kung gagawin mo iyon tiyak na ikaw ay makakakuha ng maling payo at mahuhulog ka sa mga kaguluhan.* May isang mahalagang punto na hindi mo alam, hayaan mong sabihin ko sa iyo ang tungkol dito. *Kapag pinanatili mo ang pakikipagkaibigan at ang mga kaibigan na hindi nakakakilala sa Diyos, at patuloy na nakikipagkita sa kanila at nakikisama sa kanila, patuloy na inaanyayahan sila at patuloy ka nilang inaanyahahan, sa gayon sa ganoong kalagayan ay mayroong patuloy sa pagpapalitan ng maling payo at mapanganib na opinyon. Huwag mong sabihing 'Hindi,* kadalasan binabalaan ko ang mga kapatiran na sinasabi Huwag kang sumama sa mga hindi mananampalataya , at huwag sumama sa masasamang tao, ngunit sila ay tumugon at nagsasabi sa akin, Huwag kang matakot, ako ay malakas, huwag mag-alala. Ngunit sa huli ang nangyari, sa mga binalaan ko, sila'y huminto sa pananalangin, pagkatapos huminto sa pagbabasa ng Bibliya, pagkatapos huminto sa pagbibigay ng ikapu, pagkatapos iniwan ang paglilingkod, at sa huli ay umalis sa simbahan. ***"33 Huwag kayong padaya: Ang masasamang kasama ay sumisira ng magagandang ugali.34 Gumising kayo ng ayon sa katuwiran, at huwag mangagkasala; sapagka't may mga ibang walang pagkakilala sa Dios: sinasabi ko ito upang kayo'y kilusin sa kahihiyan." (2 Corinto 15:33-34)***

Ang mga kaibigay na hindi nasunod sa Diyos mapanganib para sa iyo, iwasan sila at lumayo mula sa kanila. Maging higit sumama sa mga tao ng Diyos at sa mga sumusunod sa Diyos at lumalakad sa Kanyang mga landas. Maging higit sa simbahan at higit na makibahagi sa gawain ng Diyos. *At ipagpalagay na mayroon kang suliranin, kailangan mong humingi ng payo mula sa pastor at sa maka-Diyos na mga namumuno ng simbahan na may pananagutan sa iyo. Sa ganitong paraan ikaw ay magiging ligtas at protektado mula sa maling payo at maling desisyon.*

*Bukod doon, kailangan mong mapaalalahanan at balaan na ang TV, You Tube, Facebook, at ang Social Media ay pangkalatahan kung hindi mo gagamitin ang mga ito para sa pakikipag-usap o para tulungan ka sa iyong trabaho gamitin ito upang magebanghelyo, sa gayon iyon ay maykakaroon ng masamang epekto sa iyo, dahil iyon ay katulad sa iyong pakikisama sa masasamang tao, Sa madaling*

*salita, ang Media ay hindi dapat para sa libangan ngunit gamitin ito para sa trabaho at pakikipag-usap.*

Ang pagnonood ng mga balita, laro at iba pang mga programang ito na nasa Media ay magpapasama sa iyong isip, at magdudulot sa iyo ng mga kaguluhan at kalituhan sa iyong iniisip. *Ang pagiging abala sa Media, balita, at mga laro ay maaring mga pagpapakita ng katamara; hindi tayo tinawag upang manood kundi tayo ay tinawag upang gawin ang gawain.* Ang lahat ng mga balita sa pangkalahatan ay kasinungalingan at hindi tama. *Kailangan mong iwasan ang ganoong masamang kapaligiran na magbibigay sa iyo ng masamang mga payo at maling mga pagpapasya, sa gayon ay maging higit sa Panginoon, maging higit sa Kanyang Salita, sa Kanyang simbahan at maging kasangkot sa paglilingkod at maging higit sa mga taong nakakakilala sa Diyos at nakakaalam sa Kanyang mga daan at pagpalain.*

***B. Mpalad ang hindi tumatayo man sa daan ng mga makasalanan,:*** Ang kahulugan ng tumayo ay kung ano ipinagkakasundo sa? *Ang tao na tumatayo sa at sumasangayon sa sinasabi ng Salita ng Diyos Siya ay pinagpala*. Ang paninindigan ng mga makasalanan ay salungat sa Salita ng Diyos. Kung anong sinsabi ng Bibliya at ng Salita ng Diyos ay ang ating paninidigan. *Para sa makasalanan ang lahat ng bagay ay pinahihintulutan at magagawa, ngunit wala silang matatanggap na anumang mga pagpapala mula sa Panginoon, ngunit poot lamang ng Diyos. Kung nais mong tanggapin ang pagpapala ng Diyos sa gayon manindigan at sumang-ayon sa sinasabi ng Salita ng Diyos.* Sapagkat ang mga makasalanan ay nagsasabi ng kasinungalingan dahil kanilang sasabihin Paano tayo mabubuhay ng walang pagsisinungaling, mga pandaraya, pagtsitsismisan, paninirang-puri, pagkuha sa patubo, pangungutang at hindi pagbabalik, pag-iinom, paninigarilyo, mga pagsasama sa labas ng buhay pag-aasawa, pagsasayang ng pera, mga pagdiriwang, atbp., lahat ay katanggap-tanggap ngunit sa Salita ng Diyos ay hinahatulan ang lahat ng iyon.

***C. Mapalad ang tao na hindi nauupo man sa upuan ng mga manglilibak:*** *Sa kung kanino ka naglalaan ng oras na napakahalaga. Ikaw ba ay abala sa mga pagtitipon at sa hindi kinakailangang makamundong pagdiriwang at aktibidades? Pagdiriwang ng Kapanganakan, Araw ng mga Puso atbp. Ikaw ba ay naglalaan ng higit sa mga tindahan ng kape, pamamasyal sa mall, at umuupo kasama ng mga tao at nagtsitsismisan? Ikaw ba ay naglalaan ng iyong oras sa pakikiupo sa mga gumagawa ng masama at pinapayagan sila at ang kanilang mga maling gawain? Kung iyon ang estilo ng iyong pamumuhay sa gayon ang mga pagpapala ng Diyos ay malayo sa pag-abot sa iyo.*

Binigyan ka ng Diyos ng isip upang magisip at magpasaya kung paano gamitin at ilaan sa kung anong ibinigay sa iyo ng Diyos mula sa oras, salapi, mga mapagkukunan, pagsusumikap, at kalakasan para sa Kanyang kaluwalhatian. Kung ikaw ay matalino upang isapamuhay ang iyong buhay para sa Diyos sa gayon kailangan mong lumayo mula sa mga bagay na nagdudulot sa iyo upang matukso at mahulog sa kasalanan. Kaya't sa ganitong kadahilanan kailangan mong surriin ang sumusunod:

***1. Ang iyong pakikipag-ugnayan sa iyong mga kaibigan ay kailangan suriin:*** Kailangan mong malaman at makilala ang tungkol sa uri ng mga kaibigan na mayroon ka kasama nila. Ang ilang mga kaibigan ay mapanganib, maaring turuan ka nila ng maling mga bagay o maaring ilagay ka nila sa mga ilang mga kagulugan at nakakahiyang sitwasyon. ***"20 Lumalakad ka na kasama ng mga pantas na tao, at ikaw ay magiging pantas; nguni't ang kasama ng mga mangmang ay mapapariwara." (Kawikaan 13:20)*** *Maraming mga kaibigan na may iba't iabng intension at iba't ibang interes at motibo na maaring magdala ng iba't ibang pahayag at panganib sa iyong buhay.*

**Maging maingat tungkol sa puntong ito. Huwag isipin na ang mga kaibigan na mayroon ka ay makakatulong sa iyo at susuportahan ka sa panahon ng pangangailangan. Ang paraan ng iyong pagiisip ay mali, ang mga kaibigan na iyong pinagtitiwalaan ay ang iyong mga dios-diosan, at iyon mismo ang magpapababa sa iyo at magdaragdag sa iyong paghihirap; Tunay na ang mga kaibigang iyon ay ang mismong mga tao na gagamitin ng Diyos para ibaba ka upang turuan kang huwag sumamba sa mga dios-diosan na ito. Maging matalino at makinig sa utos. Ilagay ang iyong*

*pagtitiwala sa Diyos at putulin ang lahat ng pakikipagkaibigan at pakikisama sa mga hindi mananampalataya at palayain ang iyong sarili at ang iyong isip mula sa mga hindi kinakailangang pasanin.* Putulin ang TV, You Tube, Facebook, atbp.

***"14 Huwag kayong makipamatok ng kabilan sa mga di nagsisisampalataya: sapagka't anong pakikisama mayroon ang katuwiran at kalikuan? o anong pakikisama mayroon ang kaliwanagan sa kadiliman?15 At anong pakikipagkasundo mayroon si Cristo kay Belial? o anong bahagi mayroon ang sumasampalataya sa di sumasampalataya?16 At anong pakikipagkaisa mayroon ang templo ng Dios sa mga diosdiosan? sapagka't tayo'y templo ng Dios na buhay; gaya ng sabi ng Dios, Mananahan ako sa kanila, at lalakad ako sa kanila; at ako'y magiging kanilang Dios, at sila'y magiging aking bayan.17 Kaya nga, Magsialis kayo sa kanila, at magsihiwalay kayo, sabi ng Panginoon, At huwag kayong magsihipo ng mga bagay na marumi, At kayo'y aking tatanggapin, 18 At ako sa inyo'y magiging ama, At sa akin kayo'y magiging mga anak na lalake at babae, sabi ng Panginoong Makapangyarihan sa lahat." (2 Corinto 6:14-18)*** Ang pamatok ay ang kasangkapan na ginamit bago pagsamahin ang dalawang bakang magkasama upang araruhin ang lupa. Ang mauunawaan natin mula sa Kasulatang ito na kapag ipinamatok mo ang iyong sarili sa hindi mananampalataya sa gayon iyong ipinakikimatok ang iyong sarili sa diablo, o sa Belial, at ilalayo ka niyan sa tamang daan ng pamumuhay at ng plano na mayroon ang Diyos para sa iyo. *Dahil tayo ay ang templo ng Diyos at ang Banal na Espiritu ay nabubuhay sa atin, sa gayon kapag tayo'y nakipamatok sa hindi mga mananampalataya, mga balita, Media at mga laro, sa gayon tayo'y nakikipamatok sa mga dios-diosan at mga demonyo, at sa ganoon ay pinagsasama natin si Cristo kay Satanas at pinaghahalo natin ang liwanag sa dilim.* ***"16 At anong pakikipagkaisa mayroon ang templo ng Dios sa mga diosdiosan? sapagka't tayo'y templo ng Dios na buhay; gaya ng sabi ng Dios, Mananahan ako sa kanila, at lalakad ako sa kanila; at ako'y magiging kanilang Dios, at sila'y magiging aking bayan." (2 Corinto 6:16)*** *Ayon sa talatang ito, Ginawa tayo ng Dios na Kanyang templo at ipinangako Niya na mananahan Siya na kasama natin, lalakad kasama natin at Siya ay magiging ating Diyos, kung ganoon na may demonyo at Satanas gaya ng pakikimatok mo sa hindi mga mananampalataya o Media, sa gayon ang Diyos, si Cristo at ang Banal na Espiritu ay hindi mananahan kasama mo gaya ng Kanyang ipinangako, at sa ganoon ang mga pagpapala ng Diyos ay magiging malayo mula sa iyo.*

*May ilang mga pagkakataon ilan sa mga hindi mga mananampalatayang mga kaibigan sila'y may mabubuting kalooban at pag-uugali at maaring mong sabihin paano ang mga taong ito ay makakapinsala sa akin, lalo na ilan sa kanila ay napakalambing? Ito ang sagot: Dahil sila ay hindi nasunod kay Cristo at sa Kanyng Salita, sa gayon sila ay nasa ilalim at direksyon ni Satanas, kahit wala silang kamalayan doon, ngunit sa ganoon ay ginagamit sila ng diablo upang saktan ka at hilahin ka palayo at pangunahan ka sa maling daan at at gumawa ng maling hakbang at maling pagpasya at hilahin ka palayo sa Diyos*. Kaya kailangan mong mas maging maingat, at kailangan mong gawin ang mga sumusunod: "1***7 Kaya nga, Magsialis kayo sa kanila, at magsihiwalay kayo, sabi ng Panginoon, At huwag kayong magsihipo ng mga bagay na marumi, At kayo'y aking tatanggapin," (2 Corinto 6:17)***

- **A.** ***Magsialis kayo sa gitna nila:*** Magsialis kayo sa pamatok; hilahin ang iyong leeg mula sa pamatok. *Putulin ang lahat ng mga maling gawain at hindi maka-Diyos na pakikipag-ugnayan.*
- **B.** ***Magsihiwalay kayo, sabi ng Panginoon:*** Makinig sa Diyos, at ihiwalay ang iyong sarili, *Lumayo at humiwalay sa gayong mga tao at pakikipag-ugnayan.*
- **C.** ***Huwag hipuin ang bagay na marumi:*** *Itigil ang lahat ng masasamang bagay na iyong natutunan at naugnay sa ganoong pakikipag-ugnayan, tulad ng paninigarliyo, pag-inom, tsismis, galit, pakikipag-away, paglalaro, panonood ng balita, pakikipagsalu-salo, pagsisinungaling, katiwalian, imoralidad, at idagdag pa ang ibapoang masamang gawi, adiksyon at iba pang dios-diosan.*

Kung gagawin mo ang ganoon tatanggapin mo ang sumusunod mula sa Diyos: ***“18 At ako sa inyo'y magiging ama, At sa akin kayo'y magiging mga anak na lalake at babae, sabi ng Panginoong Makapangyarihan sa lahat.” (2 Corinto 6:18)***

***A.*** Ang Diyos ay magiging Ama muli sa iyo. Iniwan ka ng Diyos dahil sa mga dios-diosang ito at maling mga pakikipagkaibigan. Ang pagibig ng Diyos at pag-aalaga ay lumayo sa iyo.

***B.*** Tatanggapin ka ng Diyos na kanyang mga anak na lalaki at babae at sisimulan ng Diyos na pangalagaan ka at ang Kanyang pagibig at mga pagapapala ay dadaloy sa iyong buhay habang ikaw ay nagsisi sa mga dios-diosang ito na ating sinalita.

***2. Baguhin ang iyong kapaligiran:*** Ito ay magagawa sa pamamagitan ng sumusunod:

- *Palitan ang iyong dating mga kaibigan ng bagong maka-Diyos na mga tao, ang mga kapatid na Lalake at Babae kay Cristo.*
- *Palitan ang iyong dating masamang gawi ng mabuti. Magkaroon ng mas maraming oras sa pagbabasa sa iyong Bibliya at pagnilayan ang Salita ng Diyos. Magtrabaho nang higit sa bahay. Magtrabaho ng higit sa iyong lugar ng trabaho at huwag magsayang ng oras.*
- *Maging higit na kasama ng pamilya ng Diyos at ang simbahan at mas makibahagi sa paglilingkod sa Diyos.*
- *Sa halip na manood ng balita, TV, You Tube, at Media, maglaro, at makinig ng balita, masiyahan sa pakikinig sa Cristianong awitin at mga kanta at sa pagbabasa ng iyong Bibliya, lumakad at manalangin, gumawa ng mabubuting gawain, tumulong sa mga tao, mag-ebanghelyo, at sabihin sa iba ang tungkol kay Jesus.*

***“2 Kundi ang kaniyang kasayahan ay nasa kautusan ng Panginoon; at sa kautusan niya nagbubulaybulay siya araw at gabi.” (Awit 1:2)*** Ang iyong bago, malapit at matalik na kaibigan at ay magiging si Jesus at ang iyong Bibliya. Isa sa pangkaraniwan na pag-aaral ng Bibliya na ginamit ko upang ibigay sa mga alagad mula noon; ang unang bagay ay tungkol sa pagbabasa ng Bibliya, at ang pangalawa ay tungkol sa pagputol sa mga kaibigan. Ipapakita sa iyo ng Bibliya at ibibigay sa iyo ang tamang panindigan na kailangan mong sundan. Nais kong hikayatin ka ng aking patotoo: Mula nang makilala ko si Jesus, wala akong kaibigan kundi Siya, sa bawat pangyayari Siya ay nariyan upang tulungan ako; sa bawat dako na ako’y pumaroon Siya ay kasama ko, at Siya ay mahusay na nagbibigay sa akin mula a hanggang z.

***“3 At siya'y magiging parang punong kahoy na itinanim sa siping ng mga agos ng tubig, na nagbubunga sa kaniyang kapanahunan, ang kaniyang dahon nama'y hindi malalanta; at anumang kaniyang gawin ay giginhawa.” (Awit 1:3)*** Kapag ginawa mo ang nasa itaas na sinalita at tinalakay sa mensahe, ano ang mangyayari, na ikaw ay magiging isang mapalad at mabungang tao, dahil ikaw ay nakikipagpisan kasama ng Diyos, puspos ng Banal na Espiritu at tinagubilinan ng Kanyang Salita; ang Banal na Espirtu ay dadaloy sa iyo at madaling pangungunahan ka, dahil walang mga hadlang ng masasamang kaibigan at Media. Kaya’t dahil sa ganoon ikaw ay higit na magbubunga at mabibiyayaan gaya ng isang punong nakatanim sa siping ng mga agos ng ubig, at higit na mabibiyayaan ng mas maraming bunga.

***Sa aking Mahal at Minamahal: “20 Makinig ka ng payo, at tumanggap ka ng turo, upang ikaw ay maging pantas sa iyong huling wakas.” (Kawikaan 19:20)*** Kung nais mong pagpalain at tanggapin ang lahat ng mga pagpapala ng Diyos sa iyong buhay sa gayon tanggapin at tumalima sa mensahe. Pagkatapos nang nasa itaas na pahayag sa gayon ikaw ay may pananagutan sa harap ng Diyos upang sundin Siya at lumakad sa Kanyng mga daan at maging mapalad gaya ng iyong pananalangin:

***Aking Panalangin:*** *Amang Diyos ako ay lumalapit sa iyo sa pangalan ni Jesus na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan upang bigyan ako ng walang hanggang buhay. Panginoon salamat para sa iyong Salita na nagturo sa akin ng malinaw ng iyong mga daan. Panginoon ipinapangako ko*

*ang aking sarili na ilapat ang aking binasa sa mensaheng ito at upang ihandog ang aking buhay upang maglingkod sa iyo sa paraan na nais mo na gawin ko.*

*Magsisi at talikuran ang lahat ng iyong mga kasalanan, panonood ng makamundong mga bagay at paglalaan ng higit ng oras sa Media, mga balita, laro, at mga kaibigan, pagsasayang ng iyong oras sa trabaho, pagsisinungaling, panandaraya, pakikipagtsismisan atbp. Panginoon ipinapangako ko ang aking sarili na umalis mula sa lahat ng mga sumusunod na makamundong mga pakikipagkaibigan__________________________ at putulin ang aking pamatok sa lahat ng mga sumusunod na hindi mga mananampalataya_________________________________________________.*

*Panginoon ipinapangako ko ang aking sarili na sumunod sa iyo, sa pagbabasa ng iyong Salita at maging sa pakikipagpisan sa iyong bayan, sa iyong simbahan, at ilaan ang aking panahon ng tapat sa lugar ng aking trabaho, upang magtrabaho ng maayos sa tahanan at masangkot ng lubos sa pananalangin at sa iyong ministerio.*

*Panginoon ipinapanalangin ko ang aking kapatid na mga lalaki at babae na nagsisi sa kanilang mga kasalanan, at ipinangako ang kanilang buhay sa mga simulaing ito na aking natutunan mula sa mensaheng ito, Panginoon protektahan sila at gabayan sila, ilayo mo sila sa buhay ng kasalanan at bigyan sila ng pagpipigil sa sarili upang patuloy na labanan ang diablo at ng mga gumagawa kasama ng diablo. Panginoon gamitin sila upang maging mabunga at magbunga ng bunga ng pagsisisi, ng bunga ng Banal na Espiritu at ng bunga ng bagong mga kaluluwa sa kanilang buhay.*

*Panginoon kami'y nanalangin para sa amin bilang isang simbahan na patuloy naming ituturo ang iyong Salita at ipapahayag ang iyong mga landas sa aming pamilya at sa lahat ng aming mga mangagawa at kasapi. Panginoon patnubayan kaming tulungan ang mga taong nasa kasalanan at pagkaalipin at naghahanap ng tulong mula sa iyo. Panginoon bigyang-daan kami na linisin ang nasa ketongin. Panginoon puspusin kaming muli ng Banal na Espiritu, at pangunahan kami at bigyang-daan kaming abutin ang bagong mga tao at magtanim ng bagong pag-aaral ng Bibliya at mga kapisanan. Pangioon ako'y nanalangin para sa higit na mga tao na tanggapin ang bautismo ng tubig, at ang bautismo ng Banal na Espiritu. Panginoon pagpalain kami at dagdagan ang lahat ng iyong mga ministerio, at ihanda kami para sa iyong pagparito na kami'y sasama sa iyo kapag ikaw ay pumarito upang kunin kami. Panginoon pagpalain kami, palawakin ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay at ilayo kami sa kapahamakan upang hindi namin madama ang sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoong Jesus at ang pagibig ng Diyos at ang pakikipagpisan ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.*

Ang Daan upang Maging Mapalad Yugto 3 Awit 1:1-3. 1 Corinto 15:33-34. Kawikaan 13:20. 2 Corinto 6:14-18. Kawikaan 19:20.

Dr.Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE380315157600375316 2014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com